

Gusto mo bang huminto sa paninigarilyo o paggamit ng anumang uri ng tabako?



Ang BC Smoking Cessation Program (Programa ng BC sa Paghinto sa Paninigarilyo) ay tumutulong sa mga gastos sa mga produktong nakapagpapadali sa paghinto sa paninigarilyo

Ano ang sakop sa programa?

Sakop sa programa ang 12 linggong (84 na araw na magkakasunod) paggamot isang beses sa isang kalendaryong taon para sa alinman sa

- **Mga tinukoy na nicotine gum, lozenges, inhalers o patches.** Ang mga kapalit ng nikotinang produkto na ito ay available nang walang bayad.
- **Mga de-resetang gamot para sa paghinto ng paninigarilyo— bupropion (Zyban®) o varenicline (Champix®):** Covered ng BC PharmaCare sa parehong paraan tulad ng ibang mga de-resetang gamot. Ang aktwal na halaga ay depende sa panuntunan ng iyong PharmaCare plan, na maaaring magbayad para sa lahat ng mga gastos, bahagi ng mga gastos, o wala.

Sino ang maaaring lumahok?

Ang mga kapalit ng nikotinang produkto ay available para sa sinumang **nakatira sa B.C.** kung siya'y

- naninigarilyo o gumagamit ng iba pang produkto ng tabako (hal., gumagamit ng snuff, ngumunguya ng tabako), at
- may aktibong coverage ng Medical Services Plan.

Sakop ng PharmaCare ang mga de-resetang gamot para sa sinumang **nakatira sa BC** kung siya'y

- naninigarilyo o gumagamit ng iba pang produkto ng tabako (hal., gumagamit ng snuff, ngumunguya ng tabako),
- may aktibong coverage ng Medical Services Plan, at
- covered ng isang eligible na PharmaCare plan.

Ano ang mga produktong kapalit ng nikotina?

Ang mga produktong kapalit ng nikotina ay mga medikasyon na may nikotina at sila'y hindi nangangailangan ng reseta. Maaari nilang gawing mas madali ang paghinto sa pamamagitan ng pagpahintulot sa iyo na dahan-dahang bawasan ang nikotina sa iyong katawan.

Ano ang mga de-resetang gamot na pampahinto ng paninigarilyo?

Ang Bupropion (Zyban®) at varenicline (Champix®) ay walang nikotina. Tumutulong sila sa iyong utak na gawing mas madali ang paghinto at na bawasan ang labis na pananabik. Kung ikaw ay nagpupunta na sa iyong doktor para sa ibang medikal na dahilan, magtanong tungkol sa mga gamot na ito. Ang iyong doktor ay makakatulong sa iyo na magpasiya kung ang reseta para sa isa sa mga gamot na ito ay tama para sa iyo.

Paano ko makukuha ang mga produkto?

Nicotine gum, lozenges, inhaler o patch	Bisitahin ang iyong lokal na parmasya. Hindi mo kailangan ng reseta ngunit kailangan mong pumirma sa isang pagpapahayag o declaration form.
Bupropion (Zyban®) o varenicline (Champix®)	Sa susunod na pagpunta mo sa iyong doktor, magtanong tungkol sa iyong mga opsyon. Kapag nagkasundo kayo ng iyong doktor sa isa sa mga gamot na ito, dalhin ang reseta ng iyong doktor sa iyong parmasya.

Iba pang tools at mapagkukunan ng impormasyon

Kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Programa sa Paghinto ng Paninigarilyo, kabilang ang mga tiyak na produktong covered ...	➔	Bumisita sa www.gov.bc.ca/bcsmokingcessation
Alamin kung paano magtagumpay sa paghinto...	➔	Makipag-usap sa iyong doktor o parmasyotiko. Bumisita sa www.quitnow.ca para sa 24 oras na libreng pagpapayo upang matulungan kang huminto sa paninigarilyo.
Magparehistro para sa Fair PharmaCare o kumuha ng higit pang kaalaman tungkol sa PharmaCare...	➔	Bumisita sa www.gov.bc.ca/pharmacare o Tawagan ang Health Insurance BC: <ul style="list-style-type: none">• Mula sa Lower Mainland, tumawag sa 604 683-7151• Mula sa iba pang dako ng B.C., tumawag sa 1 800 663-7100

Ang **BC PharmaCare** ay ang pamprobinsiyang drug insurance program. Tinutulungan nito ang mga taga-British Columbia sa gastos para sa eligible na mga de-resetang gamot at ilang tiyak na medical supplies.